# BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 33 10.00 MAY 15 - MAY 21, 2023





***SALT can indeed offer new opportunities for livelihood in coastal communities. In the photo, Department of Science and Technology (DOST) Undersecretary for Regional Operations Engineer Sancho A. Mabborang (4th from left), emphasized how salt production could help spur the economic growth of an archipelagic nation like the Philippines. With USec Mabborang are local officials of Uyugan town in Batanes where he graced the "Immersion on Salt Production and Blessing of Salt Facility. Full story on Page 2***

## VP Duterte named NTF-ELCAC co-vice chair

IN a press briefing, National Security Adviser retiredGen. Eduardo Ano announced that Vice President Sara Duterte has been named as the co-vice chairperson of the government's anti-communist task force.

Ano said that with the vice president "unstinting commitment in the casue of the National Task Force to End Local Communist Armed Conflict's (NTF-ELCAC)" executive committee has approved Duterte'ss designation as co-vice chairperson of the anti-communist task force.

Duterte, also known as Inday Sara concurrently serves as the secretary of the Department of Education (DepEd).

Ano also serves as co-chairperson of NTF-ELCAC.

Ano, a former Interior secretary expressed belief that the vice president's experience as a former local chief executive will prove helpful in fighting the communist rebellion in the country.

"Ang ating vice president ay napaka-well experienced, being a former mayor of Davao



City. Ang kanyang mga experiences ay magagamit niya para mai-share 'yung mga best practices na pwedeng magamit ng iba't ibang ahensya na involved dito sa NTF-ELCAC," Ano said.

The NTF-ELCAC was created in 2018 during the incumbency of President Rodrigo Duterte, Inday Sara's father.

*See page 2*

## Duterte, Tiglao: APPCU laureates

SA pagkilala sa mahalagang ambag sa pagpapalawig ng mahusay na ugnayan at unawaan at pagkakaibigan ng Pilipinas at China, sina dating Presidente Rodrigo Roa Duterte at Manila Times columnist at dating embahador Rigoberto 'Bobby' Tiglao ay kabilang sa Association for Philippines-China Understanding (APCU) awardees



**DUTERTE**



**TIGLAO**

Ginanap ang okasyon nitong Miyerkoles sa embahada ng China sa Maynila.

Tinanghal ngayong 2023 si Duterte ar dating special envoy sa China sa APCU Hall of Fame awardees.

Mga awardees sa APPCU "Outstanding Contributions" category si Tiglao, dating emabahador sa Greece at Cyprus; Dr. Jaime Cruz, dati ring special envoy to China.

Sa "Major Contributions" category, mga awardee sina Regina Rosa Tecson, director of the Satellite Office of Vice President Sara Duterte sa Davao City, at Jose Ong Tajan, dating pangulo ng APCU Baguio at dati ring chairman of the Filipino-Chinese Chamber of Commerce of Baguio City.

Kinilala ang mahahalagang ginawa at pagsisikap na mapalakas ang pagkakaibigan at unawan ng dalawang bansa -- Pilipinas at China --, sabi ng APCU sa pagkakaloob ng karangalan sa mga awardees.

Sa Hunyo 8, magkakaroon ng sermonya bilang parangal sa anim na awardee, sabi pa ng APCU./ **LOD BELTRAN**


## ANG MULING PAGSIBOL

HOPE Springs Once Again For Our Remarkable Farmers To Farm 2023.

Acceptance of nominations will start on June 1, 2023.
Nomination forms are available ar www.tofarm.org.
follow us on Facebook @tofarmsearch
https://fb.watch/kCzykWxYjH/





# Mayor Denver Reyes Chua tops "Voices of the People" survey

ECSTATIC for receiving a high 88.85 percent rating from the latest survey of RP-Mission and Development Foundation Inc. (RPMD), Cavite City Mayor Denver Reyes Chua thanked his constituents and co-workers in the local city government for their unwavering support and trust that pave the way for making him a top performer in Region 4-A.

"Una po ang pasasalamat ko sa ating Diyos, ikalawa sa aking mga kababayan, inihahandog ko sa inyo ang karangalang ito. Maraming-maraming salamat po sa inyong pagtitiwala at suporta sa inyong lingkod," said Mayor Reyes Chua.

Based on the "Voices of the People" study of RP-Mission and Development Foundation Inc. (RPMD) an autonomous, noncommissioned performance appraisal survey conducted on February 25–March 8, Mayor Denver garnered the top spot among the local chief executives of the provinces of Cavite, Laguna, Batangas, Rizal and Quezon (Calabarzon) in Region-A.

Other top performers were Mayor Eric Africa of Lipa City (Batangas) who came second with 88.13 percent and third placer Mayor Abraham Tolentino of Tagaytay City (Cavite) with 88.29 percent on RPMD's Comprehensive Review of Region 4 City Mayoral Performance.

The awardees were evaluated based on their outstanding performances in the field areas of: service delivery, financial management, economic development, governance and leadership, environmental management, social services, and public engagement.

Other top awardees were: Antipolo City Mayor



Jun Ynares of Laguna --(87.35 percent; Imus City Alex "AA" Advincula of Cavite--86.64 percent; Santa Rosa City Mayor Arlene Arcillas of Laguna --86.48 percent and Batangas City Mayor Beverly Dimacuha of Batangas--85.82 percent.

They were followed by San Pablo City Mayor Vicente Belen Amante of Laguna--84.46 percent; Bacoor City Mayor Edwin 'Strike' Revilla of Cavite--83.81 percent; Calapan City Mayor Marilou Morillo of Oriental Mindoro--81.32 percent; Dasmarinas City Mayor Jennifer Barzaga of Cavite--80.63 percent; and Calamba City Mayor Roseller "Ross" of Rizal--77.49 percent.

The results of the Voices of the People survey mirrored the significance of the performance evaluation of city mayors across the Philippines, said Dr. Paul Martinez of RPMD.

"It signifies the importance of evaluations serving as pivotal mechanisms to promote accountability, ensure transparency, facilitate improvement and learning, and foster good governance," he said.

Dr. Martinez added that by systematically appraising the actions and decisions of city mayors, these evaluations hold them answerable to their

*See page 2*

**Cavite's only true destination: Tanza Oasis Hotel and Resort P8**

# Salt can open up opportunities for livelihood in coastal communities

DEPARTMENT of Science and Technology (DOST) undersecretary for regional operations, Engr. Sancho A. Mabborang recently graced the "Immersion on Salt Production and Blessing of Salt Facility" activity in Uyugan town in Batanes Province.

The salt production facility was funded through the DOST's Community Empowerment thru Science and Technology or CEST Program. The project was implemented by DOST – Region 2 led by regional director, Virginia Bilgera in partnership with Mayor Jonathan Nanud Jr. of LGU Uyugan.

USec. Mabborang emphasized how salt can open up a sea of opportunities for the livelihood of coastal communities and for the economic growth of an archipelagic nation like the Philippines. He also echoed DOST Secretary Renato U. Solidum Jr.'s commitment to utilize science, technology and innovation (STI) in reviving the country's salt industry, in line with the agency's mantra of #OneDOST4U.

According to DOST Provincial Science and Technology Centers (PSTCs) Batanes Provincial S&T Director Nora Garcia, the project will further expand and improve livelihood opportunities for residents, especially in the production of the one-day old "dibang" (flying fish) that uses salt as a vital component.

Mayor Nanud Jr. on the other hand, thanked DOST for the assistance provided through the project and assured his support to more initiatives of the department in the municipality.

As part of their exposure visit in the province, DOST 10 staff also joined the activity led by regional director Engr. Romela Ratilla.

Meanwhile, Mabborang said he looks forward to more projects like this under CEST, highlighting how the program has improved lives and empowered communities in the country through STI. #OneDOST4U/**PAPI,NELSON SANTOS**

# 76,000 Pinoy seafarer ieempleyo ng Carnival Corp.

MARINO o seaman ka ba na nahihirapang makasakay (uli) sa barko?

Sinabi ni John Padget, presidente at chief operation officer (CEO) ng Carnival Corporation na ang kanilang mga kompanya ng barko ay handang mag-empleyo ng 76,000 Filipinong seafafrer sa susunod na tatlo hanggang apat na taonb.

Kasama si Padget sa miting sa Washington ng mga negosyante Amerikano, kasama si Presidente Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. sa sa Washington.

Sa miting, pinuri ni Padget na kinatawan ng Carnival Cruise Line, Holland American Airlines and Seaborn, ang marinong


**John Padget**

Pilipino na masipag, mabait, maalaman sa trabaho.

Sabi niya: "It doesn't matter whether it's the marine, deck, hospitality, restaurant...everything is based on the happiness, the smile, and the greatness of the Filipino employees."

Sa pulong na iyon, masayang sinabi ni Department of Migrant Workers (DMW) Secretary Susan Ople sa US firms na interesado ang mahigit sa 200 libong obrerong Filipino na mag-empleyo sa mga kompanyang Amerikano.

Sa alok na trabaho, pinasalamaan ni Marcos ang patuloy na tiwala at kumpiyansa ng mga kompanya sa US na kuhaning kawani ang mga manggagawang Filipino.

Ipinayo ni Ople na ngayon pa lang, ihanda ng mga interesadong mag-empleyo sa Carnival Company ng kanilang resume at iba pang dokumento kapag sinimulan na ang pagpoproseso ng pagkuha ng maraming marinong Filipino. /**LOY BELTRAN**

# VP Duterte... *from page 1*

"The so-called protracted war must end," she said during a task force meeting in Malacañang.

"This is a show of force — a clear, strong, and powerful statement and warning — against the enemies of the state who slaughter civilians and Indigenous Peoples, abduct and murder and execute members of our security forces, and attempt to pin down our progress as a nation through their ideals anchored on brainwashing, fear, and terrorism," she added.

Human rights group Karapatan, however, slammed the designation of Duterte, describing her as a "serial and notorious redtagger."

Karapatan said that the appointment of Inday Sara " only shows the greater need for the abolition of this TF (task force) that has been responsible for numerous cases of human rights violations."

# Mayor Denver... *from page 1*

constituents, thereby strengthening the democratic process.

In his assessment, Dr. Martinez said that these evaluations enhance transparency in public service and they offer a clear, unbiased view into the work of city mayors, making their actions and decisions more understandable and accessible to the public they serve.

"xxx most importantly, these evaluations are the bedrock of good governance. They ensure that city mayors are effective in their roles, fulfill their responsibilities, and ultimately contribute to the betterment of their cities and the nation," Martinez said.

The "Top City Mayors-Region 4[A] (Calabarzon)" survey was part of the national poll "RPMD's Boses ng Bayan" by RPMD, a nationwide survey performed per district in every region with a total of 10,000 respondents who were registered voters.

The respondents were randomly chosen and the survey a sampling margin of error is ±1 percent with a 95 percent confidence level.

"Isine-share ko po ang recognition na ito sa mga kasama ko sa city government, sa aming mga kababayan at ito po ay magsisilbing inspirasyon pa namin upang mas maging efficient, effective sa aming paglilingkod sa ating kapwa Caviteno," said Mayor Reyes Chua./ **DOMZ B. CAOILE**

# Okay lang palitan siya, sabi ni Deputy Speaker GMA

'YANG palitan ng puwesto sa Kamara at sa iba pang sangay ng gobyerno ay bahagi ng politikang Filipino.

Inihayag ito ni dating Pres. Gloria Macapagal-Arroyo kasunod ng pagkaalis niya bilang senior deputy speaker of the House of Representatives.

"It was the prerogative of the House to replace her," sabi ni GMA.

Nanatiling deputy speaker ang dating presidente na pinalitan siya ng kababayang si Pampanga Rep. Aurelio Gonzales na inihalal na senior deputy speaker, Miyerkoles, Mayo 17.

'My first reaction was that it is always the prerogative of the House to make changes in its leadership structure. Thus, I congratulate Dong, and I



hope his new position will help him fulfill his mandate to represent our fellow Kapampangans,"paliwanag ni Arroyo.

Aniya pa, hindi nagbabago ang suporta niya kay Speaker Martin Romualdez at susuportahan niya ang legislative agenda ni Presidente Bongbong Marcos./ **ADELA R. ZAMORA**

# Medical Mission in Cluster IX, City of Imus

On May 11, 2023, a highly anticipated medical mission took place, bringing essential healthcare services to the residents of Cluster 9, City of Imus Cavite, organized by the medical mission team from the Office of the Provincial Governor in partnership with Congressman Adrian Jay Advincula and the Barangay Captains of Malagasang 1A – 2G.

The medical mission successfully accommodated a total of 554 patients, providing them with free consultations and necessary medications.

The presence of dedicated doctors and volunteers from the Provincial Health Office and City Health Office ensured that each patient received proper medical attention and care.

In addition to the consultation and medication services, the health event also offered free X-ray examinations and referrals for laboratory exams.

The collaborative efforts of the Office of the Provincial Governor, Congressman Adrian Jay Advincula, and the local officials exemplify the power of partnerships in bringing about positive change./ **PICAD**










# Prangkisa ng telcos, rebyuhin



MY CUP OF COFFEE

by Henry E. CAOILE

NAKAPAG-REGISTER na ba kayo ng inyong gamit na subscriber identificaiton module (SIM) card?

Ewan ko pa bakit ang bagal ng dalawang giant telecommunications company natin --ang Smart at Globe.

Daming kapalpakan nito, pero ang ating masisipag na senador, representative ay parang tinatamad na busisiin o rebyuhin ang prangkisa ng dalawang ito.

Mayroon tayong Department of Information and Communications Technology (DITC), Phiippine Competition Commission (PCC), at National Telecommunication Commission (NTC) na may mandato na bantayan, tingnan at ipasunod ang batas ng prangkisa ng Smart at Globe telecoms, pero walang nararamdamang magandang trabaho para sa publiko.

Karaniwan nang karanasan na kung prepaid SIM ang gamit mo, magload ka ng P100, aba, ilang text lang, ubos na, ninakaw at pag nagtanong ka, sasabihin ay inubos mo na o nagkaroon ng glitz.

Ang ninakaw na load mo, hindi na ibabalik at ilang libong consumers ang nananakawan ng load ng kompanya na pag kinuwenta, milyones peso na income na nila ito.

Tapos, yung internet service nila, kukurap-kurap, mahina na, mabagal pa na ang laking perwisyo sa trabaho, negosyo at sa pag-aaral ng mga bata, lalo ngayon ay babalik na uli sa online teaching mode ang mga estudyante.

Madalas, wala o mahina ang suplay ng koryente,

Ang laki rin ng kinita nila sa ibinentang mga gadget na pocket wifi at pangakong mabilis na signal, na wala ring silbi, nabuwisit ka na, nagastusan ka pa.

Eto pa ang pambubuwisit ng mga telcos: kung postpaid ka at hindi ka nakabayad dahil nawalan ka ng trabaho o nakalimutan mo lang magbayad, agad putol ang linya mo at padadalhan ng ng pananakot na sulat ng kanilang legal department na kakasuhan ka ng estafa at kung ano-ano pang pananakot.

Pero pag sila ang palpak -- nanakaw ang load, mahina ang signal e ni kapirasong apology o "Sorry po," wala nang matatanggap sa kanila.

Pag sila ang mali, wala lang, pero pag ang tulad nating nagtitiyaga sa pre-paid at nanakawan ka ng load, wala lang sa kanila at hindi ibabalik ang naiload na P20, P40 o P100 mo.

Estafa ito sa pagkaalam ko, kasi nagbayad ka pero hindi mo natanggap ang tamang serbisyo, di ba panloloko ito, Smart at Globe?

Hindi lang ang dalawang ito ang loko, maging ang ilang small player tulad ng Converge, Verizon, Singtel,Tata Communications. Sprint. Telstar at iba pa, ganundin ang serbisyo: mabagal na internet speed, o putol-putol o mahinang signal.



Sen. Jinggoy Estrada



Rep. Luis Campos

Mga estapador!

@@@

Teka po, totoo ba itong Senate Bill (SB) 2074 mo, Sen. Jinggoy Estrada, aba maganda ito kung magiging batas, kasi protektado kaming malilit na consumer.

Kasi po, sa panukala ni Estrada, uutusan, oobligahin ang mga internet service na ayusin ang kapalpakan nila at mabilis, walang rekisitosna na i-refund ang ninakaw na load at ang di natanggap na serbisyo ng mga postpaid at prepaid subscribers.

Sa House, may ganito ring panukala si Makati Rep. Luis Campos, ito ang

*Sundan sa p.4*

# Kasal na may 'expiration date,' pwede ba 'yon?



Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

'YUN pinagsama ng Diyos, hindi maaaring paghiwalayin ng tao: ito ang argumento ng mga tutol sa diborsiyo.

Ngunit may nabasa ako na kung ano tali na inalis o kinalagan na sa lupaa -- ng mga taong may otoridad, maaaring sa simbahan o sa gobyerno --, ito ay kinakalagan din sa langit.

At kung ano nga ang itinali o ibinuhol (sa pamamagitan ng matrimonya), iyon ay itinatali rin sa langit.

May sinasabi pa sa Biblia, kung ano ang kay Caesar ay kay Caesar nga at ang sa Diyos ay sa Diyos, ibig sabihin, ang Caesar ay tumutukoy sa gobyerno at ang sa Diyos ay ang Simbahan o ang pangkat ng relihiyon.

Ibig sabihin, dapat igalang ng tao ang gobyerno na naitatag pagkat ang utos ay maging masunurin sa batas ng pamahalaan.

Kaya balik tayo sa isyu kung kailangan ba ang diborsiyo, paano nga kung kasal sa pilit, kumbaga ay 'shot gun wedding' na isa o dalawa sa ikinasal ay hindi naman totoong nagmamahalan?

Paano kung ang isang rape victim ay napilitang pakasalan ang sa kanya'y gumahasa, at ipinilit lamang ng pamilya?

Paano kung ang lalaki ay iresponsable, adik, nambubugbog sa asawa o ang ama ang siya pang umaabuso sa (mga) anak na babae?

Ang mga ganito bang kasal ay pinagsama ng Diyos o pinagsama ng tao, ng tradisyon o ng iba pang di-maiiwasang dahilan?

Resulta nito, failed marriages at maraming mag-asawa na nagkasundo na maghiwalay na, at maayos namang nabubuhay sa piling ng iba nilang "asawa?"

Mariing tumututol sa diborsiyo ay pangkating relihiyon, lalo ang Simbahang Katoliko, pero may pinaiiral ito na paghihiwalay, ayon sa kanilang mga turo.

Tutol ang Simbahan sa diborsiyo pero bakit pinapayagan nila ang diborsiyo kung ang nagnanais nito ay mga kilala at makapangyarihang tao, alam natin na maraming celebrities ang pinayagan ng Simbahan na maghiwalay at pormal na pinagayan ang diborsiyo.

Sa mga kapatid na Muslim, pwede ang diborsiyo ayon sa Sharia law, at ilang relihiyong Kristiyano ay pinapayagan ang paghihiwalay ng mag-asawang di pareho o magkaiba ng pananampalaya.

Kung nasasakripisyo ang buhay at kapakanan ng mga anak dahil sa madalas na awayan at pag-abuso sa loob ng pamilya, hindi ba dapat na mas proteksiyon ang mga supling at hindi ang sinasabing "kabanalanan" ng matrimonya ng kasal?

Ano'ng kabanalan sa pagsasama kung ang mag-asawa ay nais nang mahiwalay at nagpapatayan na, hindi ba ang nasasakripisyo ay ang buhay at kinabukasan ng kanilang mga anak -- na sila ang unang-unang dapat na proteksiyon ng batas at ng estado?

Pero ang maysalapi, kayang gumastos ng malalaking halaga, madali lang basagin ang "kabanalan" ng kasal sa pamamagitan ng paghaharap ng petisyon sa korte, ito ang annulment o nullity of marriage.

Annulment ay pagwawalang bisa sa kasal kapag napatunayang may panlilinlang, may sakit sa isip at pisikal ang isa o ang dalawang ikinasal o may mapatunayang ang mga dokumento ay peke o pari, ministro o ang nagkasal ay walang lisensiya o otoridad at kapangyarihang magkasal.

Marami pang dahilang maihaharap sa hukuman ang nais pawalang bisa ang kasal sa utos ng hukuman.

Kung sa tingin ng batas at ng hukuman sa simula pa lamang ay walang nangyaring kasal, ito ay tinatawag na nullity, ibig sabihin, walang nangyaring kasal sa simula pa lamang/

Maraming dahilan at ebidensiyang maihaharap ang nais na pawalang bisa ang kasal sa paraang nullity of marriage.

Isang mambabatas ang naghain ng panukalang lagyan ng expiration ang kasal, ibig sabihin kung sa loob ng ilang taon nang pagsasama -- maaaring 10 o 20 taon -- naramdaman ng mag-asawa na wala nang namamagitang pagmamahalan sa isa't isa, isa ay maaaring magharap ng petisyon na pawalang bisa ang kasal sa dahilan ang bisa niyon ay "expired" na.

Pero kung nagmamahalan, matiwasay ang pagsasasama, kahit "expired" na ang bisa ng kasal, maaaring ipagpatuloy ang pagsasama o kaya ay muling magpakasal, ayon sa kanilang pasiya at kagustuhan.

Ano po, handa na ba tayo sa diborsiyo?

Para sa inyong komento, send to arz777@yahoo.com

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

*Founder:* **HENRY E. CAOILE**
*Publisher:* **DOMZ B. CAOILE**
*Editorial Consultant:* **ELI TAPARAN II**
*Special Projects Director:* **ADELA R. ZAMORA**
*Copy Editor:* **LUKAS DA SILVA**
*Chief of Reporters* **GENE TAPARAN TAN**
*Contributing Writers:* **LOD BELTRAN**
**NOLI LIWANAG**
**ED 'MUTO' G. CUENCA**
**JOJO SICAT**
*Contributing Editor:* **RUEL FRANCISCO**

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Successful visits of the Assyrian Church of the East delegation...

PARISHIONERS and faithfuls of the Eastern Catholic Church in Cavite has many reasons to be happy and joyful these days.

One reason was the successful visits of Assyrian Church of the East delegation to the Eastern Catholic Church in the Philippines led by His Beatitude Mar Agwin Kuriakose of Metropolitan of India together with His Grace Mar Elya Isaac, Bishop of Iraq and His Grace Benyamin Elya, Bishop of Australia.

Other reasons was the spiritual visits of the Assyrian Church delegation to some Oikos in the province with the aim to foster unity and establish a warm and caring congregation.

In his message to the faithfuls in a Diocese in the City of Bacoor, His Beatitude Mar Agwin Kuriakose said he hopes that their visits would cement relationships between pastors and their members.

Spiritual unity and brotherhood relationships are vital in Christian ministry, His Beatitude Agwin said as he encouraged members of the church to visit one another.

Pastoral visits would certainly produce positive results.

Likewise, His Grace Mar Benyamin Elya, in his message said that pastoral visitation is key to communicating the relevance of stewardship.

He explained that there is no better motivation to giving than for the pastor to provide members with effective pastoral care through preaching and visitation.

For his part, His Grace Mar Elia Isaac, Bishop of Iraq, Ukraina and Georgia said that religious and spiritual growth can also be achieved through visiting others as it strengthened one's faith in God, in Lord Jesus Christ and the promise of salvation.

In return, Bishop Leocito S. Gabo, Metropolitan Bishop of ECC Philippines expressed his esteem gladness for the honorable delegation for their Christian love to the brethren in the country.

Bishop Gabo said that the visits has enable to keep the need of unity of leadership of the Catholic Eastern Church and it is a testament of pastoral cares of the visiting Assyrian Church delegation.

Further, Bishop Gabo said that His Beatitude Kuriakose's delegation visits are liken to a pastor who only true love and care of the condition of members of the church by being with them.

In a reply to these spiritual exhortations, Bishop Eric I. Santos of the Eparchy of Buen Suceso in Cavite said that the visits has lifted the faithfuls of their spirit of evangelism and steadfast in communicating the gospel of Lord Jesus Christ, the only Son of God who gave His life as a sacrifice for the the sins of the believers in salvation.

Jesus Christ death and resurrection has ensured eternal life for anyone who believes.

The present communities that were visited were: Oikos of St. Martin de Porres, Panapaan, Bacoor; Oikos of Blessed Family of Nazareth, Kaingen, Bacoor; Oikos of Our Lady of Fatima, Pinagkaisa, Toclong, Kawit (host); Mission of St. Joseph, the Worker, Boston Heighst Subdivision, Toclong, Kawit and the Mission of the Holy Child in Naic, Cavite./**ERIC IGNACIO SANTOS**



































## Prangkisa ng telcos... *mula sa p.3*

House Bill (HB) 7479 na magmumulta ng Php 1 million a day (o Php365-m) ang telco na masama ang serbisyo.

Sana po, rebyuhin nyo ang prangkisa ng mga telcos at ang ating gobyerno ay magtayo ng sariling national broadband na malakas ang internet speed.

Sayang yung programa noon ni dating Pres. Gloria M. Arroyo na national broadband na iniskandalo ng anomalya raw, na sabi ay kagagawan ng malalaking negosyante.

Kasi magiging kakumpetensiya nila ang gobyerno, totoo ba ito, Smart, Globe?

Alam nyo na sa 10 ASEAN countries, ikalawang kulelat sa internet speed ang Pilipinas sa 18.94 megabytes per second (Mnps).

Sa panukala ni Sen. Jinggoy, oobligahin na agad bigyan ng refund credit ang isang customer na di naserbisyuhan sa loob ng 24 oras o higit pa sa loob ng isang buwan.

Kasi, katwiran ni Estrada, dapat ngang ibalik ang pera o serbisyo na hindi naman natanggap o napakinabangan.

Kung bumili ka ng mangga na bulok pala, di ba iyon ay pinapalitan ng sariwang prutas o isinasauli ang ibinayad?

Ganon din dapat ang ginagawa ng telcos at sana noon pa ang batas na ito, kasi sa mahabang taon ng mga 'nanakaw" na load at serbisyong hindi naibigay, bilyones pesos ang kinita ng mga telcos, tama po ba?

Tama si Rep. Campos, pagbayarin, pagmultahin ang mga lokong estapador na telcos.

Kasi sa prangkisa ay iniuutos na ang connection services ay dapat laging " regular, reliable, consistent, uninterrupted, and fast to allow continuity of activities and interconnection among different users."

O, magpakitang gilas kayo riyan sa NTC, PCC at sa DITC, ang kamal-kamal ang sweldo nyo, alawanses, e super tamad naman kayong kumastigo sa inutil na serbisyo ng mga telcos.

Magsilbi naman kayo nang matino, mga bossing!

# Proteksiyonan ang ating kabataang babae




SA TOTOO LANG!
by GENE T. TAN

NAGTATAKA lang po ako sa klase ng justice system sa ating bansa, tulad ng kaso ni dating Sen. Leila de Lima na nag-acquit sa kasong may kinalaman sa drug trade sa New Bilibid Prisons.

Nakulong siya ng anim na taon na dahil sa isinangkot siya sa krimen ng mga testigo ng gobyerno na bigla, binawi ang kanilang sinumpaang salaysay sa hearing ng Kongreso at sa Korte.

E, sabi ng isang kakilalang abogado, imbes na magpasalamat si De Lima sa mga testigong binawi ang akusasyon sa kanya, dapat kasuhan ang mga ito ng perjury o pagsisinungaling sa korte.

Kung sa simula pala ay hindi totoo ang akusasyon nila -- na ikinatwirang pinuwersa lang sila, at saka binawa, kadudaduda na ito at ito ang dapat tiningnang mabuti ng judge at ng gobyerno.



Rep. Jolo REVILLA

Isipin ko lang na ang isang tao ay makukulong dahil sa maling akusasyon sa loob ng anim na taon, hindi ba ito ay nakakagalit.

Dahil sa pagsisinungaling ng mga testigo, hindi nakatupad si De Lima sa trabaho niya sa Senado at nagdusa sa pagkakulong!

"Dapat kasuhan ni De Lima ng perjury at iba pang kaso ang mga testigo laban sa kanya," sabi ng kilala kong abogado.

@@@

Tayo po sa Southeast Asia ang may pinakamataas na kaso ng teenage pregnancy, kaya idineklara noong 2019 na ito ay isa nang "national social emergency."

Akalain nyo, edad 10-14 na batang babae ay nanganganak araw-araw, at 2,411 ang nanganak noong 2019 at patuloy itong nangyayari, talagang nakaaalarma ito.

Kaya pala noong Regular Session ng Sangguniang Panglungsod ng Cavite City e nagsampa ng Resolution no. 2023-058: Implementation of Reproductive Health Practices, Education and Rights si Konsehala Maureen Lu na mabigyan ng solusyon ang maagang pagbubuntis ng mga kabataang babae sa siyudad.

